

Addendum ng HUD sa Uniform Residential Loan Application

Num. sa Pag-apruba ng OMB VA: 2502-0059 (exp. 12/31/2023)

Bahagi I - Impormasyon ng Pagkakakilanlan HUD/FHA Aplikasyon para sa Seguro sa ilalim ng Pambansang Batas sa Pabahay at Sertipikasyon ng Borrower	Num. sa Kaso ng FHA. (isama ang anumang panlapi)	Num. sa Kaso ng Mogedyi
ID ng Mogedyi	ID ng Isponsor	ID ng Ahente
Pangalan, Address (isama ang zip code) at Numero ng Telepono I-type o I-print lahat ng entry nang malinaw	Pangalan at Address ng Isponsor	Pangalan at Address ng Ahente
Pangalan at Kasalukuyang Address ng Borrower (isama ang ZIP Code)	Address ng Ari-arian (isama ang pangalan ng subdibisyon, num. ng lote at bloke at zip code)	
Inisponsorang mga Pinanggalingan	Pangalan ng Ikatlong-Partido na Pinanggalingan	NMLS ID ng Ikatlong-Partido na Pinanggalingan

Bahagi II - Pahintulot ng Borrower para sa Pangasiwaan ng Social Security para Tiyakin ang Numero ng Social Security

Pinapahintulutan ko ang Pangasiwaan ng Social Security (SSA) na i-verify ang aking numero ng Social Security (SSN) sa Mogedyi at HUD/FHA. Pinapahintulutan ko ang SSA na magbigay ng nagpapaliwanag na impormasyon sa HUD/FHA sa kaganapan ng hindi pagkakaayon. May bisa ang pahintulot na ito na 180 araw mula sa petsang nilagdaan, maliban kung ipinahiwatig ng (mga) indibidwal na pinangalanan sa loan application na ito.

(Mga lagda) ng (Mga) Borrower - Basahin nang maingat ang pahintulot. Suriin ang katumpakan ng (mga) Numero ng Social Security na ibinigay sa aplikasyon na ito.

Pangalan ng Borrower: _____	Pangalan ng Co-Borrower: _____
Petsa ng Kapanganakan: _____	Petsa ng Kapanganakan: _____
Numero ng Social Security: _____	Numero ng Social Security: _____
(Mga) Lagda ng (Mga) Borrower _____	(Mga) Lagda ng (Mga) Co-Borrower _____
Petsa ng Paglagda _____	Petsa ng Paglagda _____

Bahagi III - Mga Abiso, Impormasyon, at Pagkilala ng Borrower

Pasanin ng Pag-uulat sa Publiko

Tinantanya ang pasanin sa pampublikong pag-uulat para sa koleksyon ng impormasyong ito sa katampatan na 10 minuto bawat tugon, kabilang ang oras sa pagsusuri ng mga tagubilin, paghahanap ng umiiral na mga pinagmumulan ng data, pangangalap at pagpapanatili ng data na kailangan, at pagkumpleto at pagsusuri sa koleksyon ng impormasyon. Ang ahensyang ito ay hindi maaaring magsagawa o mag-sponsor, at hindi kinakailangang tumugon ang isang tao, sa koleksyon ng impormasyon maliban kung nagpapakita ng isang wastong OMB control number ang koleksyon na iyon, na matatagpuan sa OMB Internet page sa <http://www.reginfo.gov/public/do/PRAMain>.

Impormasyon sa Batas ng Pagkapribado

Ang impormasyong hiniling sa Uniform Residential Loan Application at ang Addendum na ito ay pinahintulutan ng Batas sa Pambansang Pabahay ng 1934, 12 U.S.C. § 1701, et seq. Ang Batas sa Pagkolekta ng Utang ng 1982, Pub. L. 97-365, at Batas sa Pabahay at Pag-unlad ng Komunidad ng 1987 ng HUD, 42 U.S.C. § 3543, ay kinakailangan ang mga taong nag-aaplay para sa pederal na nakasegurong loan na ibigay ang kanilang SSN. Dapat mong ibigay ang lahat ng hinihiling na impormasyon, kabilang ang iyong SSN. Maaaring magsagawa ng computer match ang HUD upang i-verify ang impormasyong ibibigay mo. Maaaring ibunyag ng HUD ang ilang partikular na impormasyon sa mga ahensyang Pederal, Estado at lokal kapag may kaugnayan sa mga pagsisiyasat at pag-uusig ng sibil, kriminal, o regulasyon. Hindi ito isisiwalat o ilalabas sa labas ng HUD maliban kung kinakailangan at pinahihintulutan ng batas. Gagamitin ang impormasyon upang matukoy kung kwalipikado ka na magsangla. Ang pagkabigong ibigay ang alinman sa hinihiling na impormasyon, kabilang ang SSN, ay maaaring magresulta sa hindi pag-apruba ng iyong aplikasyon sa loan. Paunawa ito sa iyo ayon sa iniaatas ng Batas ng Karapatan sa Pinasyal na Pagkapribado ng 1978 na may karapatan sa pag-access sa mga rekord ng pananalapi na hawak ng mga institusyong pampinansyal na may kaugnayan sa pagsasaalang-alang o pangangasiwa ng tulong sa iyo ang HUD/FHA. Magiging available ang mga rekord ng pananalapi na kinasasangkutan ng iyon g transaksyon sa HUD/FHA nang walang karagdagang abiso o awtorisasyon ngunit hindi isisiwalat o ilalabas ng institusyon sa ibang Ahensya ng Gobyerno o Departamento nang wala ang iyong pahintulot maliban kung kinakailangan o pinahihintulutan ng batas.

BABALA: Nalalapat ang babalang ito sa lahat ng mga sertipikasyong ginawa sa dokumentong ito.

Ang sinuman na tahasang magsumite ng huwad na claim, o gumawa ng huwad na mga pahayag ay napapailalim sa mga parusang kriminal at sibil, kasama ang pagkakakulong ng hanggang 5 taon, mga multa, at sibil na mga parusa. 18 U.S.C. §§ 287, 1001 at 31 U.S.C. § 3729

Pangalan ng Borrower: _____

Num. ng Kaso ng FHA: _____

Babala: Mga kapabayaang sa tungkulin, Kakulangan, Pag-forclose at mga Pang-aabuso

Ang mga delinquency, default, foreclosure at pang-aabuso sa mga mortgage loan na kinasasangkutan ng mga programa ng Pederal na Gobyerno ay maaaring magastos at makasasama sa iyong kredito, ngayon at sa hinaharap. Ang Mogedyi sa transaksyong ito, ang mga ahente nito at mga itinalaga, pati na rin ang Pederal na Gobyerno, ang mga ahensya nito, ahente at itinalaga ay pinahihintulutan na gumawa ng anumang lahat ng mga sumusunod na aksyon kung sakaling maging delinkuwenteng ang mga pagbabayad ng loan sa mortgage loan na inilarawan sa nakalakip na aplikasyon:

(1) lulat ang iyong pangalan at impormasyon ng account sa isang kawanihan ng kredito; (2) Tayahin ang karagdagang interes at mga singil sa multa para sa panahon na hindi ginawa ang pagbabayad; (3) Tayahin ang mga singil upang masakop ang mga karagdagang gastos sa pangangasiwa na natamo ng Pederal na Gobyerno para serbisyuhan ang iyong account; (4) I-offset ang mga halagang dapat bayaran sa iyo sa ilalim ng iba pang mga programang Pederal; (5) Isangguni ang iyong account sa isang pribadong abogado, ahensya sa pagkolekta o ahensyang nagseserbisyo ng sangla para kolektahin ang halagang dapat bayaran, i-forclose ang sangla, ibenta ang ari-arian, at humingi ng hatol laban sa iyo para sa anumang kakulangan; (6) Isangguni ang iyong account sa Kagawaran ng Hustisya (DOJ) para sa paglilitis sa mga korte; (7) Kung isa kang kasalukuyan o retiradong empleyado ng Pederal, kumilos para i-offset ang iyong suweldo, o mga benepisyo sa pagreretiro sa serbisyo sibil; (8) Isangguni ang iyong utang sa Internal Revenue Service para sa pag-offset ng anumang halagang dapat bayaran sa iyo bilang isang refund ng buwis sa kita; at (9) lulat ang anumang resultang inalis na utang mo sa Internal Revenue Service bilang iyong nabubuwisang kita. Ang lahat ng mga pagkilos na ito ay maaaring gamitin paa bawiin ang anumang mga utang kapag natukoy na ito ay para sa interes ng Mogedyi o Pederal na Gobyerno, o pareho.

Bilang borrower ng mortgage loan, ligal na obligado kang magbayad sa sangla na hinihiling ng iyong kontrata sa mortgage loan. Ang katotohanan na i-dispose mo ang iyong ari-arian pagkatapos maisagawa ang loan ay hindi magpapagaan sa iyo ng pananagutan sa paggawa ng mga pagbabayad na ito. Ang buong pagbabayad ng loan ay ordinaryong paraan na magwawakas ang pananagutan sa kontrata ng sangla. May maling impresyon ang ilang mga mamimili ng bahay na kung ibebenta nila ang kanilang mga bahay kapag lumipat sila sa ibang lokalidad, o ibebenta ito para sa anumang iba pang mga kadahilanan, hindi na sila mananagot para sa mga pagbabayad ng sangla at sa bagong mga may-ari ang pananagutan para sa mga pagbabayad na ito. Kahit na ang mga bagong may-ari ay maaaring sumang-ayon sa sulat na tanggapin ang pananagutan para sa iyong mga pagbabayad sa sangla, ang kasunduan sa pagpapalagay na ito ay hindi mag-aalis sa iyo mula sa pananagutan sa holder ng note na nilagdaan mo noong nakuha mo ang loan para bilhin ang ari-arian. Maliban kung maibenta mo ang ari-arian sa isang mamimili na katanggap-tanggap sa HUD/FHA na aako sa pagbabayad ng iyong obligasyon sa lender, hindi ka aalisin sa pananagutan na bayaran ang anumang claim na maaring kailangang bayaran ng HUD/FHA ang iyong lender dahil sa default sa iyong mga pagbabayad ng loan. Ang halaga ng anumang naturang pagbabayad sa claim ay maaaring utang na dapat mong bayaan sa Pederal na Gobyerno at napapailalim sa itinatag na mga pamamaraan ng koleksyon.

Batas ng Patas na Pabahay

Ako at ang sinumang kumikilos sa ngalan ko ay, at mananatili, sa pagsunod sa Batas ng Patas na Pabahay, 42 U.S.C. § 3604, et seq., na may kinalaman sa tirahan o ari-arian na sakop ng loan at sa pagkakaloob ng mga serbisyo o pasilidad na may kaugnayan dito. Kinikilala ko na hindi ligal sa ilalim ng Batas sa Patas na Pabahay at hindi maipapatupad ang anumang paghihigpit na tipan sa ari-arian na ito na may kaugnayan sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, kapansanan, katayuan sa pamilya, o bansang pinagmulan. Kinikilala ko pa na bilang karagdagan sa administratibong aksyon ng HUD, maaaring dalhin ng DOJ ang sibil na aksyon sa anumang naaangkop na husgado ng U.S. laban sa sinumang tao na may pananagutan sa paglabag ng nalalapat na batas.

Sertipikasyon at Pagkilala

Ibinigay ang lahat ng impormasyon sa aplikasyon na ito para sa layunin ng pagkuha ng loan na iseseguro sa ilalim ng Batas sa Pambansang Pabahay at ang impormasyon sa Uniform Residential Loan Application at ang Addendum na ito ay totoo at kumpleto sa pinakamahusay na aking kaalaman at paniniwala. Maaaring makuha ang pagpapatunay mula sa anumang pinagmulang pinangalanan dito. Nabasa at naunawaan ko ang nabanggit tungkol sa aking pananagutan sa loan at Bahagi III, Mga Abiso sa Borrower, Impormasyon, at Pagkilala.

(Mga) Lagda ng (Mga) Borrower - Huwag lagdaan maliban kung ganap na nakumpleto ang aplikasyon na ito. Basahin nang mabuti ang sertipikasyon at suriin ang katumpakan ng aplikasyon na ito.

(Mga) lagda ng (Mga) Borrower

Petsa ng Paglagda

(Mga) Lagda ng (Mga) Co-Borrower

Petsa ng Paglagda

Pangalan ng Borrower: _____

Num. ng Kaso ng FHA: _____

Bahagi IV - Pag-apruba ng Direktang Pag-endorso para sa Sangla na Nakaseguro sa HUD/FHA

A. Pag-underwriting ng Borrower

Petsa na Inaprubahan ang Sangla: _____ Petsang Mag-expire ang Pag-apruba: _____

Para sa mga sangla na na-rate bilang "tanggap" o "aprubahan" ng TOTAL Mortgage Scorecard ng FHA:

- Ang impormasyong isinumite sa TOTAL ay naidokumento alinsunod sa Single Family Housing Policy Handbook 4000.1 (SF Handbook) at tumpak na kumakatawan sa pangwakas na impormasyong nakuha ng mogedyi; at
- Sumusunod ang sangla na ito sa SF Handbook 4000.1 Section II.A.4.e Final Underwriting Decision (TOTAL) sa lawak na walang umiiral na depekto kaugnay ng underwriting ng sangla na hindi dapat naaprubahan alinsunod sa mga kinakailangan ng FHA.

Pinatutunayan ko na materyal na tama ang mga pahayag sa itaas, na may pag-unawa na, kung sakaling piliin ng HUD na ituloy ang isang claim na nagmumula sa o nauugnay sa anumang kamalian ng sertipikasyong ito, bibigyang-kahulugan ng HUD ang kalubhaan ng naturang kamalian sa paraang kapareho ng HUD Defect Taxonomy na may bisa sa petsa na ini-endorso para sa seguro ang sangla na ito.

Lagda ng Kinatawan ng Mogedyi: _____

Nakaprinta na Pangalan: _____

Titulo: _____

----- O -----

Para sa mga sangla na na-rate bilang isang "isangguni" ng TOTAL Mortgage Scorecard ng FHA, o manu-manong na-underwritten ng Direct Endorsement underwriter:

- Personal kong nirepaso at na-underwritten ang aplikasyon sa kredito ng borrower;
- Ang impormasyong ginamit para i-underwrite ang borrower ay naidokumento alinsunod sa Single Family Housing Policy Handbook 4000.1 (SF Handbook) at tumpak na kumakatawan sa pangwakas na impormasyong nakuha ng mogedyi; at
- Sumusunod ang sangla na ito sa SF Handbook 4000.1 Section II.A.5.d Final Underwriting Decision (Mano-mano) sa lawak na walang umiiral na depekto kaugnay ng underwriting ng sangla na ito na hindi dapat naaprubahan alinsunod sa mga kinakailangan ng FHA.

Pinatutunayan ko na materyal na tama ang mga pahayag sa itaas, na may pag-unawa na kung sakaling piliin ng HUD na ituloy ang isang claim na nagmumula sa o nauugnay sa anumang kamalian ng sertipikasyong ito, bibigyang-kahulugan ng HUD ang kalubhaan ng naturang kamalian sa paraang naaayon sa ang HUD Defect Taxonomy na may bisa sa petsa na ini-endorso para sa seguro ang sangla na ito.

Lagda ng Direct Endorsement Underwriter: _____ Numero ng ID ng DE: _____

B. Pag-underwriting ng Ari-arian

Para sa lahat ng sangla kung saan nangangailangan ang FHA ng appraisal, personal kong sinuri at na-underwrite ang appraisal ayon sa mga kinakailangan ng FHA. Pinatutunayan ko na materyal na tama ang mga pahayag sa itaas, na may pag-unawa na kung sakaling piliin ng HUD na ituloy ang isang claim na nagmumula sa o nauugnay sa anumang kamalian ng sertipikasyong ito, bibigyang-kahulugan ng HUD ang kalubhaan ng naturang kamalian sa paraang naaayon sa ang HUD Defect Taxonomy na may bisa sa petsa na ini-endorso para sa seguro ang sangla na ito.

Lagda ng Direct Endorsement Underwriter: _____ Numero ng ID ng DE: _____

Pangalan ng Borrower: _____

Num. ng Kaso ng FHA: _____

Bahagi V. Sertipikasyon ng Mogedyi

- Personal kong sinuri ang mga dokumento ng sangla at ang aplikasyon para sa pag-endorso ng seguro; at
- Sumusunod ang sangla na ito sa SF Handbook 4000.1 Section II.A.7 Post-Closing and Endorsement hanggang sa lawak na walang depekto na umiiral na maaaring magbago sa desisyon na i-endorso o isumite ang sangla para sa seguro.

Pinatutunayan ko na materyal na tama ang mga pahayag sa itaas, na may pag-unawa na kung sakaling piliin ng HUD na ituloy ang isang claim na nagmumula sa o nauugnay sa anumang kamalian ng sertipikasyong ito, bibigyang-kahulugan ng HUD ang kalubhaan ng naturang kamalian sa paraang naaayon sa ang HUD Defect Taxonomy na may bisa sa petsa na ini-endorso para sa seguro ang sangla na ito.

Mogedyi	
Pangalan ng Kinatawan ng Mogedyi	
Titulo ng Kinatawan ng Mogedyi	
Lagda ng Kinatawan ng Mogedyi	Petsa